Mga Lutong Pilipino
Author: **Iluminada Luna and Maria Jacobo**
ISBN: **978-971-0344-90-1**
Copyright: **2010**
Actual Size: **5.5” x 5.5”**

Paunang Salita:

Ang masarap na luto ng pagkain ay ikinasisigla, ikinalulusog at ikinalalakas ng katawan ng isang tao.

Ang mabuting pagluluto at pamamaraan sa mga sahog o rekado ay ang nagbibigay ng bango at sarap sa mga pagkain. Ang aklat na ito ng **MGA LUTONG PILIPINO** ay magbibigay ng masisinop, masasarap at mababangong luto na ating maihahandog o maihahain sa ating mga kapamilya, mga kaibigan, at mga kakilala. Sa paggamit ng cookbook na ito, sila ay mahahandugan ng mabuti, nararapat at di-ikahihiyang pagkain. Kung malalaman natin ang maraming pamamaraan sa maayos na pagluluto, maaaring hindi na tayo ma-ngangailangan pa ng taga-pagluto. Kung tayo naman ay talagang abala at kailangan ang tagapag-luto, makakapagpayo at makapagbibigay-kaalaman pa rin tayo ukol sa pagluluto at lutuin.

Ang karunungan sa pagluluto o pangungusina ay isang pangunahing sining sa loob ng tahanan at angkop na matutuhan sa pamumuhay ng mga tao.

Ang **MGA LUTONG PILIPINO** ay maaari nating maging gabay upang ang mga pagkaing ating lulutuin ay lubusang ipagkapuri ng sinumang kakain dahil sangkap natin ang mga alituntunin ng karunungan sa pag-luluto.

Tunghayan at pag-aralan natin ang mga uri ng luto sa aklat na ito, na kung ating maipaglingkod sa ating mga mahal sa buhay at sa mga panauhin ay masasabing ang kapurihan ay hindi tagumpay ng aklat na ito, kung hindi tagumpay ng nagluto at ng sinumang namamahay.